## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Gusto mo bang magkaroon ng sariling negosyo sa hinaharap? Ano sa palagay mo ang mga kasanayang kailangan mo upang umunlad ang iyong negosyo? Paano mo malalaman kung ang iyong negosyo ay umuunlad o hindi? Kung naisip mo na ang mga tanong na ito noon, ang modyul na ito ay para sa iyo.

Maraming tao ang yumaman at umunlad sa sariling negosyo. Gusto mo bang maging empresaryo? Ang isang nagsisimula at nagpapatakbo ng kanyang negosyo ay isang empresaryo.

Upang maging maunlad na empresaryo, kailangang paunlarin mo ang iyong kaalaman at kasanayan sa paglutas ng mga suliranin sa matematika kaugnay sa negosyo. Kailangan ding matutuhan mo kung paano magtuos ng tubo at pagkalugi at maghanda ng badyet. Kakailanganin mo rin ang kaalaman sa paghahanda at pagsusuri ng mga ulat na makapagsasabi kung ano ang nangyayari sa iyong negosyo.

Sa modyul na ito, matutuhan mong magtuos ng tinubo at pagkalugi. Pag-aaralan mo kung paano ihanda ang badyet, ipahayag ang balanse *(balance statement)* at ipahayag ang kita *(income statement)*.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin.

Aralin 1 — *Pagtutuos ng Tinubo at Pagkalugi*

Aralin 2 — *Paghahanda ng Balance Sheet at Pahayag ng Kita*

Aralin 3 — *Paghahanda ng Badyet at Pagtatantiya ng Pag-unlad sa Hinaharap*

## Anu-ano ang Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul, maaari mo nang maisagawa ang sumusunod:

- magtuos ng kita at lugi;
- maghanda ng *balance sheet* at pahayag ng kalagayang pinansiyal*;*
- maghanda at subaybayan ang badyet; at
- magtantiya ng pag-unlad sa hinaharap ng negosyo.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo pag-aralan ang modyul na ito, kunin ang pagsusulit na ito upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman ukol sa paksa.

1. Si Mang Kanor ay nagmamay-ari ng isang pagawaan ng telebisyon. Kumita siya ng ₱800 sa pagkukumpuni. Kailangan niyang magbayad ng ₱200 bawat isa sa kanyang dalawang katulong, ₱100 na upa sa kanyang *shop*, at tinantiya niya na kailangan niyang magbayad ng ₱150 para sa ilaw at kuryente. Ano ang kanyang kabuuang kinita? Maganda ang takbo ng kanyang negosyo.

   Kabuuang Kinita = ____________ Netong Kita = ____________

   ____________________________________________________________

2. Ang *XYZ Beauty Supplies* ay nakapagbenta ng ₱2,000 halaga ng paninda ngayon. Ang totoong halaga ng paninda ay ₱1,400. Ang tindahan ay may dalawang katulong na binabayaran ng ₱250 bawat isa. Tinuos ng may-ari ang gastusin sa pagtitinda na ₱350. Kwentahin ang netong kita ng tindahan.

   Netong Kita = ____________

   ____________________________________________________________

3. Anong mga katanungan ang masasagot ng mga datos sa balance sheet?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Ano ang pahayag ng kita?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

5. Noong nakaraang buwan, ang Saranggola Store ay nakapagbenta ng ₱10,000 halaga ng produkto. Ang totoong halaga ng produkto na naibenta ay ₱7,000. Ang mga gastusin sa pamamahala at pagpapalakad ay ₱1,000, sa mga gamit ay ₱200 at sa iba pang gastusin ay ₱600.

   a. Hanapin ang kabuuang kita at netong kita.

b. Maghanda ng pahayag ng kita batay sa ibinigay na impormasyon.

Ano sa palagay mo? Nakapasa ka ba? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 37–38 upang malaman.

Kung ang lahat ng iyong sagot ay tama, napakahusay! Nagpapakita lamang ito na may sapat kang kaalaman sa mga paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang makapagbalik-aral sa mga alam mo na. Tinitiyak ng modyul na ito na madaragdagan pa ang iyong kaalaman kung ipagpapatuloy mo ang pag-aaral ng modyul na ito.

Kung mababa ang iyong nakuha, huwag malungkot. Nangangahulugan lamang ito na ang modyul ay inilaan para sa iyo. Matutulungan ka nitong maunawaan ang ilang mahahalagang bagay na magagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito. Malalaman mo ang mga sagot sa lahat ng tanong sa pagsusulit. Handa ka na ba?

Maaari mo nang ilipat sa susunod na pahina upang simulan ang Aralin 1.

### ARALIN 1

# Pagtutuos ng Tinubo at Pagkalugi

Ang mga tao ay nagnenegosyo sapagkat sila ay may ibebenta. Maaari silang magbenta ng produkto o kaya ay serbisyo na kailangan ng tao. Sa paraan ng pagtitinda, ang may-ari ay kumikita. Ang pagkakaroon ng kita ay mahalagang bahagi ng pagnenegosyo. Kung ang negosyo ay hindi kumikita, ito ay malulugi.

Ang pagnenegosyo ay hindi madali. Ang may-ari ng tindahan, halimbawa, ay kailangang maisagawa ang mga pangunahing tungkulin ng isang negosyante—pagbili, pamumuhunan at pagpepresyo ng tinda at serbisyo. Ang isang empresaryo na kulang sa kakayahan upang patakbuhin ang tindahan ay maaaring humarap sa problema. Daan-daang negosyo ang nagsara dahil sa pagkalugi.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, maaari mo nang maisagawa ang mga sumusunod:

- kunin ang kabuuan at netong kita;
- maipaliwanag ang gastusin sa pagtitinda *(selling cost)*, sa pagpapalakad *(operating cost)* at kita ng may-ari; at
- tantiyahin ang pagkalugi.

Handa ka na bang pag-aralan ang matematika ng pangangalakal? Kung gayon, basahin ang kuwento sa ibaba.



## Basahin Natin Ito

Nais ni Mang Nilo na magbukas ng maliit na tindahan. Nakaipon na siya ng ₱10,000 at binabalak niya itong gamitin para sa tindahan. Si Mang Nilo ay gumastos ng ₱3,000 sa pagpapagawa ng lagayan ng mga paninda at pagpipintura ng tanda ng tindahan. Magkano ang natira sa kanya?

Ang ₱10,000 na inilagay ni Mang Nilo sa negosyo ay tinatawag na *kapital*. Ang kapital ay kailangan upang makapag-umpisa ng negosyo. Ang mga gastusing kailangan upang makapagtayo ng negosyo ay dapat ibawas sa kapital. Ito ay tinatawag na *gastos sa kapital*.

*Kapital – Gastos = Natitirang Kapital*

₱10,000 – ₱3,000 = ₱7,000

Si Mang Nilo ay may natitirang ₱7,000. Ang ₱3,000 na halaga ng gamit sa tindahan ay pag-aari ng negosyo. Ito ay tinatawag na *ari-arian (assets).* Dahilan sa karaniwang naiiwan sa isang lugar at kadalasang hindi ipinagbibili, ang mga ito ay tinatawag na *pirmihang ari-arian (fixed assets).*

Gamit ang ₱7,000 na natira, si Mang Nilo ay bumili ng mga paninda para sa kanyang tindahan. Ang mga panindang binili ay pag-aari pa rin ng negosyo sapagkat ginagamit ang perang pag-aari ng negosyo upang ipambili sa mga ito. Ngunit maaari silang ibenta kahit kailan. Ang ari-ariang ito ay tinatawag na *panimulang imbentaryo*—ang halaga ng produkto na maaaring ipagbili. Ito ay tinatawag ding halaga ng gastusin na ititinda. Si Mang Nilo ay may ₱7,000 halaga ng panimulang imbentaryo.



## Subukan Natin Ito

Bilugan ang pirmihang ari-arian at guhitan ang panimulang imbentaryo.

1. *Cash Register*
2. Mga panindang delata
3. Palamigan o *Refrigerator*
4. Tinapay na paninda
5. Salamin
6. *Softdrinks* na paninda

Ang susunod na kailangan ni Mang Nilo ay malaman ang halaga ng panindang kanyang ipagbibili. Paano nilalagay ang halaga ng paninda?

Ang negosyante ay dapat magpresyo ng medyo mataas upang mabawi ang iba't ibang gastusin. Mayroong tatlong pangunahing gastusin.

1. *Gastusin sa Pagpapalakad*

   Kasama dito ang gastusin sa sahod ng manggagawa, upa o renta, *insurance* at bayad sa ilaw at tubig. Ang gastusin sa pagpapalakad ay tinatawag ding *overhead cost.* Ito ang mga gastusing kailangan upang ang negosyo ay tumakbo nang maayos.

2. *Gastusin sa Pagbebenta*

   Kasama rito ang gastusin sa paghahatid *(delivery)*, gastos sa transportasyon, sulat at iba pa.

3. *Kita ng May-ari*

   Ang may-ari ay dapat makatanggap ng kita galing sa negosyo para sa kanyang pansariling pangangailangan. Ito ay gantimpala o kabayaran sa kanyang mga pagsisikap at upang mapanatiling tumatakbo ang negosyo.

Ang mga gastusing ito ay dapat kwentahin o tantiyahin at idaragdag sa halaga ng paninda na ibebenta upang malaman ang presyo. Ito ay tinatawag na tubo o kabuuang kita.

*Tubo = Halaga ng paninda – Gastusin*

Halimbawa, kung gustong ipagbili ni Carlo ng ₱100 ang bawat T-shirt na binili niya sa halagang ₱75, magkano ang tubo o kita niya?

Halaga ng paninda = ₱100

Halaga ng pagkakabili = ₱75

*Tubo = Halaga ng Paninda – Halaga ng Pagkakabili*

₱100 – ₱75 = ₱25

Si Carlo ay may tubo o kabuuang kita na ₱25 sa bawat T-shirt na mabibili.

Ang buong ₱25 ba ay mapupunta ba sa kanya bilang kita?

Hindi, alalahanin na may tatlong pangunahing gastos na kailangang isaalang-alang—makukuha niya lamang ang kita bilang may-ari pagkatapos mapaglaanan ang gastusin sa pagpapalakad at pagbebenta.



## Subukan Natin Ito

Sagutan ang mga sumusunod.

1. Kung si Enrico ay nagtitinda ng puto ng ₱11.50 isang bag, magkano ang kabuuang kikitain niya kung ang bili niya sa puto ay ₱8.00 isang bag. Ano ang magiging kabuuang kita niya kung siya ay makabenta ng 60 bag?

2. Si Marissa ay nagtitinda ng *buko pie* sa halagang ₱50 bawat isa. Kung ang halaga ng buko pie ay ₱40, magkano ang kikitain niya sa bawat isang buko pie? Ano ang kabuuang kikitain niya kung makapagbebenta siya ng 10 buko pie?

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Pag-isipan Natin Ito

Gaano dapat kalaki ang tubo? Ano ang mangyayari kung ang presyo ng paninda ay sobrang mahal? Ano ang mangyayari kung ang presyo ay sobrang mura?

Ang empresaryo ay hindi dapat magpresyo ng sobrang mahal. Kung gagawin niya ito, maaring lumipat ang mga mamimili sa iba na pareho din ang tinda. Kung ang presyo naman ay sobrang mura, siya ay maaaring malugi. Kung kaya ang pagprepresyo at pagtitinda ng produkto ay mahalagang pag-aralan sa pamamahala ng tindahan o iba pang negosyo.

Paano kinukwenta ang kita? Ang kabuuang kita ay tumutukoy sa lahat ng halagang tinanggap mula sa pagtitinda. Kung si Mang Nilo ay nakabenta ng mga produktong naghahalaga ng ₱700, ang kabuuang kita niya ay ₱700.

Kung si Juan ay nakabenta ng ₱500 mula sa kanyang panaderya, magkano ang kanyang kabuuang kinita? Kung ang sagot mo ay ₱500, tama ka.

Ngunit ang kabuuang kita, tulad ng tubo, ay hindi lahat napupunta sa may-ari. Ang mga gastos sa pagtitinda ay dapat ibawas. Ang resulta ay ang netong kita. Ang *netong kita* ay kabuuang kita na binawasan ng mga gastusin—halaga ng panindang nabili, pagtitinda at pagpapalakad. Ang matitira ay neto o kita ng may-ari.

*Netong Kita = Kabuuang Kita – Gastos*

Halimbawa si Katrina ay nagtitinda ng kendi sa paaralan. Ngayon nakabenta siya ng ₱250 na halaga ng kendi. Ang tunay na halaga ng kending ipinagbili niya ay ₱150 at ang gastos ng pagpapalakad ay ₱25, magkano ang netong kita o kinita ng may-ari?

*Netong Kita = Kabuuang Kita – Gastos*

Kabuuang Kita = ₱250

Gastos = Tunay na presyo ng paninda ₱150

\+ Gastos sa pagtitinda at pagpapalakad ₱ 25

**₱175**

Netong Kita = ₱250 – **₱175**

Netong Kita = ₱75

Ang netong kita ni Katrina ay ₱75, ito ay maaari nating sabihing kita ng may-ari sapagkat maaari niyang gawin kung anong gusto niya sa halagang ito.

Si Katrina ba ay kumikita nang maayos sa maliit niyang negosyo?

Oo. Kumita siya ng ₱75 sa bawat ₱250 halaga ng panindang naibenta.



## Subukan Natin Ito

1. Si Aling Tinay ay nagtitinda ng alahas. Ngayon ay nakabenta siya ₱2,500 na halaga ng alahas. Natantiya niya na ang halaga ng binenta niya ay ₱2,200. Natantiya rin niya ang gastos sa pagbebenta na ₱1,000. Ano ang kanyang netong kinita?

2. Si Tonio ay nagpapatakbo ng barberya. Ngayon ay kumita siya ng ₱500. Kailangan niyang bayaran ang kanyang katulong ng ₱200 at ₱150 para sa upa. Natantiya niya na dapat magbayad siya ng ilaw at kuryente na ₱50. Ano ang kanyang netong kinita?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 38–39.

Ang pagkukuwenta ng netong kita ay madali kapag alam mong gamitin ang pormula. Ang magaling na negosyante ay nagsisigurong kikita araw-araw. Kung gaano kalaki ang kita ay batay sa kung magkano ang naibenta at gastusin. Ngunit paano malalaman kung ang negosyo ay nalulugi?

Ang pagkuwenta ng pagkalugi ay pareho ng pormula ng pagkuwenta ng kita.

Halimbawa, si Ana ay nagtitinda ng laruan. Kung kinuwenta niya ang totoong halaga ng laruan na ₱550 at ang gastusin sa pagtitinda at pagpapalakad ay ₱55, magkano ang netong kita o kita ng may-ari.

*Netong Kita = Kabuuang Kita – Gastusin*

Kabuuang Kita = ₱600

Gastusin =

| | |
|---|---|
| Tunay na presyo ng paninda | ₱550 |
| + Gastos sa pagtitinda at pagpapalakad | ₱ 55 |
| | **₱605** |

Netong Kita = ₱600 – **₱605**

Netong Kita = **-** ₱5 (negatibo ng ₱5)

Si Ana ba ay kumita ng neto? Hindi, ang totoo ay kulang pa ng P5. Ito ay itinuturing na lugi. Paano mo ngayon malalaman kung ikaw ay tumubo o nalugi?

Kung may negatibong tanda bago ang bilang, ang ibig sabihin ay lugi. Ibig sabihin nito na kailangan niyang makakuha ng ₱5 para makabawi. Ano ang ibig sabihin ng “makabawi?”

Ang makabawi ay walang kinita at wala ring nalugi. Pag-aralan ang mga suliranin sa ibaba.

Halimbawa, si Jojo ay nagbenta ng ₱400 na halaga ng T-shirt ngayon. Kinuwenta niya ang tunay na halaga ng T-shirt na ₱350 at ang gastusin sa pagtitinda at pagpapalakad ay ₱50. Ano ang netong kinita o kita ng may-ari.

*Netong Kita = Kabuuang Kinita – Gastusin*

Kabuuang Kita = ₱400

Gastusin =

| | |
|---|---|
| Tunay na presyo ng paninda | ₱350 |
| + Gastos sa pagtitinda at pagpapalakad | ₱ 50 |
| | **₱400** |

Netong Kita = ₱400 – ₱400

Netong Kita = ₱0

Si Jojo ba ay nakabawi? Oo. Ang netong kita na 0 ay nangangahulugan na nakabawi si Jojo. Ibig sabihin na walang kinita at wala ring nalugi.

Bilang pagbubuod, ang pagkuha ng positibong tanda para sa netong kita ay nagsasabing may kitang nagawa. Ang negatibong halaga ay nagsasaad ng pagkalugi.

Ang negosyo ba ni Jojo ay kumikita. Hindi, ang pagkabawi ay hindi tanda ng pagkakaroon ng kita, ang negosyo ay dapat kumita. Kung ito ay hindi mangyayari, ang negosyo ay babagsak o malulugi.



## Subukan Natin Ito

1. Ang botika ay kumita ng ₱5000. Ang may-ari ay nagtantiya na ang produktong naibenta ay nagkakahalaga ng ₱4,200 at ang gastusin sa pamamalakad at pagbebenta ay ₱800. Ano ang netong kinita? Maganda ba ang takbo ng botika?

2. Si Anton ay may-ari ng pagawaan ng relo. Ngayon, siya ay kumita ng ₱700 sa pagkukumpuni. Kailangan niyang magbayad ng ₱200 sa bawat isa sa dalawang katulong at ₱200 sa renta ng pagawaan. Tinantiya niya na kailangan niyang magbayad ng ₱50 para sa ilaw at ₱75 sa kuryente. Ano ang kanyang netong kita? Maganda ba ang takbo ng kanyang negosyo?

3. Ang *Flora's Flower Shop* ay nakabenta ng ₱1,200 halaga ng bulaklak. Ang totoong presyo ng bulaklak ay ₱900. Ang tindahan ng bulaklak ay kailangang magbayad ng renta na ₱200 sa isang araw. Mayroong dalawang taga-ayos ng bulaklak na kailangang bayaran ng ₱150 bawat isa. Kinuwenta ng may-ari ang halaga ng pagtitinda na ₱150. Kuwentahin ang kita ng tindahan? Maganda ba ang takbo nito?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39. Nakuha mo ba ang lahat ng tamang sagot? Kung gayon, napakahusay!

Kung hindi naman ay balikan at pag-aralang mabuti ang mga bilang kung saan nagkamali. Siguraduhin na magbalik-aral sa iyong pagkukuwenta.

# Paghahanda ng Balance Sheet at Pahayag ng Kita

Sa Aralin 1 ay natutuhan mo kung paano magkwenta ng kinita at pagkalugi. Ang ganitong kasanayan ay kailangan ng bawat negosyante o empresaryo upang malaman kung ano ang nangyayari sa kanyang negosyo. Ang kita at lugi ay maipakikita sa isang organisado at madaling basahin na ulat. Ang ganitong ulat ay nagsasabi kung ano ang nangyayari sa negosyo. Sa araling ito ay pag-aaralan mo kung paano maghanda ng balance sheet at pahayag ng kita. Ang ganitong ulat ang magsasabi kung ang negosyo ay maayos o hindi.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- ♦ makapagsuri ng balance sheet at pahayag ng kalagayang pinansiyal; at
- ♦ maghanda ng balance sheet at pahayag ng kita.

## Basahin Natin

### Paghahanda ng Balance Sheet

Alam mo ba kung ano ang balance sheet? Ang balance sheet ay kasangkapan na magagamit upang masundan o masubaybayan ang negosyo. Binibigyan nito ang may-ari ng negosyo ng pinansyal na kalagayan o posisyon ng negosyo sa tiyak na petsa. Kung gusto mong malaman ang tayo ng iyong negosyo sa isang tiyak na araw, pag-aralan ang balance sheet na ito.

Ang balance sheet ay inihahanda araw-araw. Bakit sa palagay mo ito ay kailangang ihanda araw-araw?

Pag-aralan ang halimbawa ng balance sheet sa kabilang pahina.

**Miracle Drug Store**
**Balance Sheet**
**March 15,2001**

**Kasalukuyang Ari-arian**
*(Current Assets)*

| | | |
|---|---|---|
| Salaping Hawak | ₱7,000 | |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 600 | |
| Imbentaryo | ₱6,000 | |
| **Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian** | | ₱13,600 |
| **Pirmihang Ari-arian** *(Fixed Assets)* | | |
| Gamit sa Tindahan | ₱10,000 | |
| Gamit sa Opisina | ₱ 5,000 | |
| **Kabuuang Pirmihang Ari-arian** | | ₱15,000 |
| **Kabuuang Ari-arian** *(Total Assets)* | | **₱26,600** |

**Kasalukuyang Obligasyon**
*(Current Liabilities)*

| | | |
|---|---|---|
| Utang na Bayarin | ₱6,100 | |
| Notes Payable | ₱ 500 | |
| **Kabuuang Obligasyon** *(Total Liabilities)* | | ₱ 6,600 |
| **Ekidad ng May-ari** *(Owner's Equity)* | | |
| Puhunan ng may-ari | ₱20,000 | |
| Idagdag: Netong Kita | ₱ 2,000 | |
| Kabuuang Ekidad ng may-ari | | ₱22,000 |
| Kabuuang Obligasyon | | ₱ 6,600 |
| Kabuuang Obligasyon at Ekidad ng May-ari *(Total Liabilities and Owner's Equity)* | | ₱28,600 |

Maaari mo bang makilala ang mga bahagi ng balance sheet? Maraming mga bagong katawagan na makikita sa halimbawa sa itaas. Alam mo ba kung ano ang kumakatawan sa bawat isa?

Maaaring masagot ng balance sheet ang mga sumusunod na tanong:

Hanggang ngayon (petsa), March 15, 2001…

1. Magkano ang halaga ng mga pag-aari ng negosyo ko?
2. Magkano ang mga pagkakautang ng negosyo ko?
3. Ano ang halaga ng aking pinansyal na interes sa negosyo?

Ang unang tanong ay nakatuon sa ari-arian ng negosyo. Ang ikalawa ay nagpapahiwatig ng utang o obligasyon at ang ikatlo ay nagpapahiwatig ng equity ng may-ari. Lahat ng impormasyon na ito ay ipinakikita sa balance sheet.

Alam mo ba kung ano ang ari-arian at obligasyon ng negosyo. Ang ari-arian ay isang bagay na may halaga na pag-aari ng negosyo. Halimbawa, lahat ng kagamitan sa panaderya ay binibilang na ari-arian sapagkat ito ay may halaga. Ito ay mabebenta. Daragdag ito sa halaga ng negosyo. Ang obligasyon ay utang o halaga ng utang ng negosyo sa tao o ibang negosyo. Kung ikaw ay humiram ng ₱100 sa isang kaibigan, ikaw ay may utang na ₱100 sa kaibigang iyon.

Kung ikaw ay may pag-aari, iyon ay ari-arian. Kaya mo bang pangalanan ang iyong sariling ari-arian at obligasyon o pagkakautang?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ang equity ng may-ari ay ang hati ng may-ari sa negosyo. Sapagkat siya ay empleyado, siya ay dapat hatian sa negosyo, tulad ng sahod o kabayaran sa pagsisikap sa pagtayo ng negosyo. Ang impormasyong ito ay ibinuod sa balance sheet at pahayag ng kalagayang pinansiyal.

Pag-aralan natin ang balance sheet.

1. Sa pamagat nakikita ang pangalan ng negosyo, ng may-ari at ng petsa kung kailan ginawa ang balance sheet.

Miracle Drug Store
Balance Sheet
March 15, 2001

2. Kasalukuyang ari-arian

   Ang *ari-arian* ay kumakatawan sa ano mang bagay na may halaga na pag-aari ng negosyo. Ang *kasalukuyang ari-arian* o *current assets* ay kilala ring *liquid assets.* Tulad ng tubig na aagos nang mabilis, ito ay kahit anong may halaga sa pag-aari ng negosyo na maaaring handang mapalitan ng salapi.

   Pag-aralan ang halimbawa ng balance sheet sa pahina 15, ano ang makikita sa ilalim ng ganitong kategorya. Isulat sa susunod na pahina:

a. ______________________________

b. ______________________________

c. ______________________________

Kung ang isinagot mo ay *Salaping Hawak*, *Pautang na Matatanggap, at Imbertaryo ng Kalakal*, ikaw ay tama.

Ang Miracle Drug Store ay mayroong sumusunod na kasalukuyang ari-arian na pinakikita sa balance sheet:

Kasalukuyang ari-arian

| | | |
|---|---|---|
| Salaping Hawak | ₱7,000 | |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 600 | |
| Imbentaryo | ₱6,000 | |
| Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian | | ₱13,600 |

Ano ang kumakatawan dito? Ituloy ang pagbabasa.

1. *Salaping Hawak* – Kwarta na papel o barya na itinatago ng may-ari.
2. *Pautang na Matatanggap* – ang mga utang na bayarin sa kumpanya sa sinasabing araw. Ito ay ang mga halagang inaasahang matanggap ng negosyo mula sa iba.
3. *Imbertaryo (ng Kalakal)* – halaga ng hindi pa naibebentang produkto.
4. *Kabuuang kasalukuyang ari-arian* – ito ay kabuuang halaga ng salaping hawak, imbertaryo ng kalakal at kalakal na naimbentaryo ng isang negosyo.

Kabuuang kasalukuyang ari-arian = Salaping Hawak + Pautang na Matatanggap + Imbertaryo ng Kalakal

Ang kabuuang kasalukuyang ari-arian ng Miracle Drug Store ay mula sa tatlong pinanggalingan na kasalukuyang ari-arian ng negosyo.

**Kunin ang Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian kung:**

| | |
|---|---|
| Salaping Hawak | ₱ 4,000 |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 2,000 |
| Imbertaryo ng Kalakal | ₱10,000 |

Kung ang sagot mo ay ₱16,000, ikaw ay tama.

Mayroon pang isang klase ng ari-arian. Ito ay ang pirmihang ari-arian o fixed asset. Ito ay ang mga pag-aari ng negosyo na hindi agad mapapalitan ng salapi. Ang mga kagamitan sa tindahan at mga kagamitan sa opisina ay inilalagay sa ilalim ng pirmihang ari-arian.

Kung ang halaga ng kagamitan ng tindahan ay ₱6,000 at ng gamit ng opisina ay may halagang ₱4,000, ano ang kabuuang pirmihang na ari-arian?

Kabuuang Pirmihang Ari-arian = Gamit ng Tindahan + Gamit sa Opisina

Ilagay ang tamang halaga para sa pirmihang ari-arian base sa iyong komputasyon.

**Pirmihang Ari-arian**

Gamit ng Tindahan ______
Gamit ng Opisina ______

**Kabuuang pirmihang ari-arian______**

Sunod ay kwentahin ang kabuuang ari-arian. Ganito ang pagkwenta:

*Kasalukuyang Ari-arian + Pirmihang Ari-arian = Kabuuang ari-arian*

Kung ang kasalukuyang ari-arian ay ₱16,000 at ang pirmihang ari-arian ay ₱10,000, kwentahin ang kabuuang ari-arian.

Kung ang sagot mo ay ₱26,000, tama ka!

5. Ang *obligasyon* o *utang* ay ang utang ng negosyo sa ibang negosyo o nagpapautang. Ang kasalukuyang obligasyon ay ang mga pagkakautang na kailangang bayaran agad, kadalasan isang taon.

   *Kabuuang Obligasyon = Utang na Babayaran + Notes Payable*

Kung ang *Utang na Babayaran* ay ₱3,000 at ang *Notes Payable* ay ₱2,000 kwentahin ang kabuuang utang. Ilagay ang datos at ang sagot sa ibaba.

Kasalukuyang obligasyon

*Utang na Babayaran* ______
*Notes Payable* ______

Kabuuang Obligasyon ______

6. Ang ekidad ng may-ari ay ang hati ng may-ari sa negosyo. Kinukwenta ito ng:

   *Ekidad ng May-ari = Kapital ng May-ari + Netong Kita*

Kung ang kapital ng may-ari ay ₱20,000 at ang netong kita ay ₱1,000 kwentahin ang kabuuang ekidad ng may-ari. Ilagay ang datos sa susunod na pahina.

Kapital ng may-ari ______

Idagdag: Netong Kita ______

Kabuuang ekidad ng may-ari ______

Kung ang sagit mo ay ₱21,000, tama ka!

Sa huli, ang kabuuang utang ay dapat idagdag sa ekidad ng may-ari. Ilagay ang inyong nakaraang sagot sa patlang sa ibaba.

Kabuuang Ekidad ng may-ari ______
Kabuuang Utang ______

Kabuuang Utang at Ekidad ng may-ari ______

Ano ang iyong napansin tungkol sa halaga ng kabuuang utang at ekidad ng may-ari? Kung isinagot mo na ito ay pareho o pantay sa kabuuang ari-arian, ikaw ay tama. Dapat ay laging tingnan ito sa balance sheet.

Ngayon alam mo na ang mga ibig sabihin ng mga salita sa balance sheet. Kung ikaw ay may sariling negosyo makukwenta mo na ang halaga ng bawat isang paninda at ilagay sa tamang pwesto sa balance sheet.

Kung gumagawa ng kwenta para sa negosyo o naghahanda ng balance sheet, mahalaga ba na maging tama ito? Bakit?

Mahalaga na ang iyong kwenta sa balance sheet ay tama at nasa tamang lugar. Ang balance sheet ay nagbibigay sa may-ari ng negosyo ng agad na impormasyon ukol sa lagay ng negosyo.

Sa ibaba ay balance sheet na may patlang. Ipagpalagay na ikaw ay may negosyo. Maglagay ng halaga o bilang sa patlang na nakalaan at magkwenta kung kinakailangan. Ipagpalagay din na maganda ang takbo ng iyong negosyo. Ang balance sheet ay magpapakita nito.

Ang Aking Sariling Negosyo
Balance Sheet
_______________

**Kasalukuyang Ari-arian**

Salaping Hawak ______
Pautang na Matatanggap ______
Imbentaryo ng Kalakal ______

Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian ______

Pirmihang Ari-arian

Gamit sa Tindahan ______
Gamit sa Opisina ______

Kabuuang Pirmihang Ari-arian ______

Kabuuang Ari-arian ______

OBLIGASYON AT EKIDAD NG MAY-ARI

Kasalukuyang Utang o Obligasyon

| | | |
|---|---|---|
| Utang na Babayaran | ______ | |
| Notes Payable | ______ | |
| Kabuuang Utang | | ______ |

Ekidad ng May-ari

| | | |
|---|---|---|
| Kapital ng May-ari | ______ | |
| Idagdag: Netong Kita | ______ | |
| Kabuuang Kapital | | ______ |
| Kabuuang Utang | | ______ |
| Kabuuang Obligasyon at Ekidad ng May-ari | | ______ |

Huminto. Magpahinga sandali bago magtuloy. Magrelaks ng mga 20 minuto bago ituloy ang susunod na aralin.



## Basahin Natin Ito

### Paghahanda ng Pahayag ng Kita

Ang pahayag ng kita o income statement ay ulat o dokumento na nagpapakita kung magkano ang kinita o nalugi sa negosyo. Ang pahayag ng kita ay kilala ding *income profit and loss statement.* Kaiba sa balance sheet na ginagawa araw-araw, ang pahayag ng kita ay lingguhan o kaya ay buwanan.

Ang pahayag na kita ay mahalaga, ipinakikita nito ang halagang kinita, halaga ng produkto at naibigay na serbisyo, ang mga gastusing nagawa sa pagpapatakbo sa negosyo at ang tinubo o kinita sa binigay na panahon. Upang maghanda ng pahayag ng kita, kailangang matutong magkwenta ng tubo o lugi. Natutuhan mo ito sa Aralin 1.

Katulad ng balance sheet, ang pahayag ng kita ay sumasagot din sa mga tanong kaugnay ng negosyo. Ang may-ari ay makagagamit din ng pahayag o ulat ng kita upang masagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Natutupad ba ang mga layuning ibinigay sa simula ng negosyo?
2. Kumikita ba ang negosyo?
3. Lumalaki ba o lumiliit ang benta?
4. Ang negosyo ba ay mas kumikita sa pagbebenta o ito ay nawawalan o nalulugi sa pamamahala o iba pang gastusin?

Pag-aralan ang halimbawa ng pahayag ng kita sa susunod na pahina.

| Maharlika Sari-Sari Store<br>Pahayag ng Kita<br>Para sa Buwan ng Marso, 2001 | | |
|---|---|---|
| Naipagbili | | ₱25,000 |
| Ibawas: Halaga ng paninda | | ₱10,500 |
| Netong Benta | | ₱14,500 |
| Panimulang Imbentaryo | ₱10,400 | |
| Binili | ₱15,200 | |
| Produktong Ipagbibili | ₱15,600 | |
| Ibawas: Katapusang Imbentaryo | ₱19,800 | |
| Halaga ng naibentang produkto | | ₱5,800 |
| Kabuuang Kita | | ₱8,700 |
| Ibawas: Gastusin sa pagtitinda | | ₱4,500 |
| Netong Kita | | ₱4,200 |

Upang makapaghanda ng kita o pinansiyal na pahayag, pag-aralan ang ibig sabihin ng mga salita sa ibaba.

1. *Naipagbili* – halaga ng pera na nakuha ng negosyo dahil sa pagtitinda.

   Halimbawa: Si Pacing ay nagtitinda ng halo-halo. Sa loob ng isang buwan, nakabenta siya ng ₱7,600 halaga ng halo-halo, magkano ang benta niya sa loob ng isang buwan? Kung ang sagot mo ay ₱7,600, ikaw ay tama!

2. *Netong Benta* – ay kinukwenta na:

   *Netong Benta = Naipagbili – Ibinalik at Tawad*

   Ang return at allowance ay ang halaga ng produkto na isinauli ng mamimili o tawad na ibinibigay sa mamimili.

   Kung ang return at allowance na halaga ni Pacing ay ₱1,500, ano ang kanyang netong kita para sa isang buwan?

   **Netong Benta = Sales – Ibinalik at Tawad**

   = ₱7,600 – ₱1,500 = **₱6,100**

3. *Imbentaryo* – ang paraan ng pagkuwenta ng magagamit pa na produkto para itinda o pag-alam sa presyo o halaga ng naiwang produkto.

4. *Panimulang Imbentaryo* – ang dami ng produkto sa simula ng imbentaryo. Ang imbentaryo ay kadalasang gingawa ng lingguhan o buwanan.

Alam mo ba kung ano ang kailangan upang maghanda ng halo-halo? Isulat sa ibaba:

a. ______________________________

b. ______________________________

c. ______________________________

d. ______________________________

Upang makapaghanda ng halo-halo, kailangan mo ng yelo at mga sangkap tulad ng ube, sago, *leche flan* at nata de coco. Ang halaga nito ay ang simulang imbentaryo.

Para sa buwang iyon nilista na ni Pacing ang halaga ng mga kailangang sangkap upang makagawa ng halo-halo. Natantiya niya na ito ay **₱4,500**. Ano ang magiging simulang imbentaryo? Ito ay ₱4,500 din.

5. *Pinamili o purchases* – mga biniling produkto para sa karagdagang kagamitan.

Sa gitna ng buwan, si Pacing ay naubusan ng asukal. Siya ay bumili ng 20 kilo ng asukal na nagkakahalaga ng ₱30 bawat kilo. Magkano ang pinamili niya na idaragdag sa imbentaryo?

Kung ang sagot mo ay **₱600,** tama ka!

6. *Produktong ipinagbibili* – tinatawag ding imbentaryong kalakal o merchandise inventory. Ito ay ang halaga ng produkto na mayroon pa.

   Ito ay kinukwenta bilang:

   *Produktong Ipagbibili = Panimulang Imbentaryo + Pinamili*

   Magkano pa ang halaga ng produktong natitira para ibenta:

   | | |
   |---|---|
   | Panimulang Imbentaryo: | ₱4,500 |
   | Pinamili: | ₱ 600 |

   Produktong Mayroon pa para ibenta = ₱4,500 + ₱600 = ₱5,100

7. *Huling imbentaryo* **–** halaga ng produkto na mayroon pa o natira habang nag-iimbentaryo.

Pagdating ng katapusan ng buwan, gumawa si Pacing ng imbentaryo. Napag-alaman niya na mayroon pang natitirang sangkap para sa halo-halo na nagkakahalaga ng ₱2,000. Ang ₱2,000 na ito ang huling imbentaryo o *ending inventory*.

8. *Halaga ng produktong naipagbili* – ay ikinukwenta bilang:

   *Halaga ng produktong naipagbili = Panimulang Imbentaryo + Pinamili – Huling Imbentaryo*

   Kuwentahin ang halaga ng nabentang produkto ni Pacing kung:

| | |
|---|---|
| Panimulang Imbentaryo | = ₱4,500 |
| Pinamili | = ₱ 600 |
| Huling Imbentaryo | = ₱2,000 |

   Kung ang sagot mo ay ₱3,100, tama ka!

9. *Kabuuang kita sa benta* – kinukuha bilang:

   *Kabuuang Kita = Netong Benta – Halaga ng Produktong Naipagbili*

   Kung ang netong benta ay ₱6,100 at ang halaga ng produktong naibenta ay ₱3,100, kunin ang para sa kabuuang kita sa benta.

Kung ang sagot mo ay ₱3,000, tama ka!

10. *Gastusin sa pagbenta at pangangasiwa* – gastusin para sa pamamahala ng negosyo tulad ng sahod, gamit sa opisina at iba pang gastos.

Bakit kailangan itong ibawas sa kabuuang kita sa benta?

Ang kabuuang kita sa benta ay tunay na presyo ng produktong naibenta. Bukod dito, isasaalang-alang pa ng may-ari ang ibang gastusin tulad ng sahod ng manggagawa at halaga ng iba pang gamit tulad ng papel at lapis na ginagamit sa negosyo.

Si Anita, kapatid ni Aling Pacing, ay tumutulong sa pagtitinda ng halo-halo. Pumayag si Pacing na bayaran siya ng ₱1,000 isang buwan. Bumili din siya ng bolpen, kwaderno, at iba pang kailangan upang ilista ang benta. Siya ay gumasta ng ₱500 para doon. Kung wala na siyang ibang gastusin, ano ang gastusin sa pagbebenta at pangangasiwa?

Kung ang sagot mo ay ₱1,500, ikaw ay tama.

11. *Netong kinita* – ito ay tinatawag ding *net income.* Ang netong kita ay nagsasabi sa may-ari kung magkano ang tinutubo niya sa negosyo. Kinukwenta ito bilang

    *Kabuuang kita sa pagbebenta – Gastusin sa pagtitinda at pangangasiwa*

    Kuwentahin ang netong kita para sa buwang ito.

    Kung ang sagot ay ₱1,500.00 tama ka!

Matapos ang isang buwan ng pagtitinda ng halo-halo, si Pacing ay nagkaroon ng netong kita na ₱1,500. Siya ba ay kumikita nang maayos? Kung hindi, ano ang maipapayo ninyo kay Pacing?

Sa negosyo, ang netong kita na P1,500 sa bawat buwan ay tanda ng hindi magandang negosyo. Mayroong posibilidad na malugi ang negosyo. Ipapayo ko kay Pacing na umisip ng paraan para maitaas ang kita. Makaisip ka ba ng mga paraan upang makuha ito?

Maaari niyang taasan ang benta ng halo-halo. Maaari rin niyang bawasan ang halaga ng binebenta ng produkto sa pamamagitan ng pagbili ng mas murang sangkap. Bukod dito, siya ay maaari ring magpaanunsiyo.

Ngunit ang lahat ng ito ay may konsiderasyon. Hindi basta-basta ang pagtataas ng presyo ni Pacing. Ano ang magiging epekto nito pag ginawa niya?



## Subukan Natin Ito

Nasa kabilang pahina ang isang blankong Pahayag ng Kita. Gamitin ang parehong halaga na makikita sa negosyo ni Pacing. Sulatan at kuwentahin ng tama. Kung nalimutan mo ang halaga, nasa ibaba ang buod sa isang buwan:

| | |
|---|---|
| Benta | ₱ 7,600 |
| Ibinalik at Tawad | ₱ 1,500 |
| Netong Benta | ₱ 6,100 |
| Panimulang Imbentaryo | ₱ 4,500 |
| Pinamili | ₱ 600 |
| Produktong Ipagbibili | ₱ 5,100 |
| Huling Imbentaryo | ₱ 2,000 |
| Halaga ng Produktong Naibenta | ₱ 3,100 |
| Kabuuang Kita sa Benta | ₱ 3,000 |
| Gastusin sa Pagtitinda at Pangangasiwa | ₱ 1,500 |
| Netong Kita | ₱ 1,500 |

Pacing's Halo-Halo Stand
Pahayag ng Kita
Para sa buwan ng ____________________

| | | |
|---|---|---|
| Benta | | ____________________ |
| Ibawas: Ibinalik at Tawad | | ____________________ |
| Netong Benta | | ____________________ |
| Panimulang Imbentaryo | ____________________ | |
| Produktong Ipagbibili | ____________________ | |
| Ibawas: Huling imbentaryo | ____________________ | |
| Halaga ng Produktong Naibenta | ____________________ | |
| Kabuuang Kita sa Benta | | ____________________ |
| Ibawas: Gastusin sa Pagtitinda at Pangangasiwa | | ____________________ |
| Netong Kita | | ____________________ |

Ano ang masasabi mo sa negosyo ni Pacing batay sa pahayag na kita?

Ihambing ang pahayag ng kita ni Pacing na iyong ginawa sa *Batayan sa Pagwawasto* pahina 40. Pareho ba sila? Kung hindi gumawa ng kailangang pagtatama bago magpatuloy.



## Subukan Natin Ito

A. Anong tatlong tanong tungkol sa negosyo ang masasagot ng balance sheet?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

B. Maghanda ng balance sheet batay sa mga sumusunod na impormasyon. Kwentahin ang mga halaga na naiwang blanko. Sundan ang kaanyuan ng balance sheet sa pahina 18.

Negosyo: Apple's Sari sari Store
May-ari: Bb. Apple Cruz
Petsa: Abril 30, 2001

| | |
|---|---|
| Salaping Hawak | ₱10,000 |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 500 |
| Imbentaryo ng Kalakal | ₱ 5,000 |
| Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian | _________ |
| Gamit sa Tindahan | ₱ 6,000 |
| Gamit sa Opisina | ₱ 5,000 |
| Kabuuang Pirmihang Ari-arian | _________ |
| Kabuuang Ari-arian | _________ |
| Utang na Babayaran | ₱ 800 |
| Notes Payable | ₱ 500 |
| Kabuuang Utang | _________ |
| Kapital ng May-ari | ₱20,000 |
| Netong Kita | ₱ 5,400 |
| Kabuuang Ekidad ng May-ari | _________ |
| Kabuuang Utang | _________ |
| Kabuuang Utang at Ekidad ng May-ari | _________ |

C. Maganda ba ang takbo ng negosyo batay sa balance sheet na iyong inihanda? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

D. Anu-ano ang apat na katanungan na masasagot ng pahayag ng kita?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

E. Maghanda ng pahayag ng kita batay sa impormasyon sa ibaba. Kunin ang halaga ng iniwang patlang. Sundan ang kaanyuan ng pahayag ng kita sa pahina 19.

| | |
|---|---|
| Naipagbili | ₱ 4,500 |
| Ibinalik at Tawad | ₱ 1,000 |
| Netong Benta | _________ |
| Panimulang Imbentaryo | ₱ 6,500 |

| | |
|---|---|
| Pinamili | P 800 |
| Produktong Ipagbibili | _________ |
| Huling Imbentaryo | P 1,500 |
| Halaga ng Produktong Naibenta | _________ |
| Kabuuang Kita sa Benta | _________ |
| Gastusin sa pagtitinda at pangangasiwa | P 1,800 |
| Netong Kita | _________ |

F. Maganda ba ang takbo ng negosyo batay sa pahayag ng kita na inihanda mo?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong ginawa sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 40–42. Ikaw ba ay nakapaghanda ng katulad na pahayag ng kita? Kung hindi, itama ang mga mali bago magpatuloy sa susunod na aralin

## Tandaan Natin

- Ang balance sheet ay nagbibigay sa may-ari ng pinansiyal na estado o posisyon ng negosyo sa isang araw. Ang balance sheet ay sumasagot sa mga sumusunod na katanungan:

  Hanggang ngayon (petsa), . . .

  a. Magkano ang pag-aari ng negosyo ko?
  b. Magkano ang utang ng negosyo ko?
  c. Ano ang halaga ng pinansiyal na interes ko sa negosyo?

- Ang ari-arian ay kahit anong bagay na may halaga sa iyong negosyo. Ang obligasyon o utang ay halaga ng utang sa tao o ibang negosyo. Ang ekidad ng may-ari ay ang hati niya sa negosyo.

- Ang kasalukuyang ari-arian ay tinatawag ding liquid assets. Kabilang dito ang salaping hawak, pautang na matatanggap, at imbentaryong kalakal.

- Ang pirmihang ari-arian ay pag-aari ng negosyo na hindi agad magiging salapi tulad ng gamit sa tindahan at gamit sa opisina.

- ♦ Kasalukuyang Ari-arian + Takdang Ari-arian = kabuuang ari-arian.
- ♦ Ekidad ng May-ari = Kapital ng May-ari + Netong Kita.
- ♦ Ang pahayag ng kita ay ulat na nagpapakita kung magkano ang tubo o pagkalugi. Ito ay ginagawa ng lingguhan o buwanan.
- ♦ Ang pahayag ng kita ay tinatawag ding profit at loss statement.
- ♦ Ang pahayag ng kita ay sumasagot sa mga sumusunod na katanungan:

  a. Natatamo ba ang mga layunin nang magsimula ang negosyo?
  b. Ang negosyo ba ay kumikita?
  c. Ang benta ba ay tumataas o bumababa?
  d. Ang negosyo ba ay mas kumikita mula sa pagbebenta o nalulugi mula sa pamamahala o ibang gastusin?

- ♦ Netong Benta = Benta – Ibinalik at Tawad
- ♦ Ang imbentaryo ay paraan ng pagbibilang ng mga produktong natitira at pag-alam sa presyo o halaga ng natirang paninda.
- ♦ Panindang natira para ibenta = Panimulang imbentaryong + pinamili
- ♦ Halaga ng Naibentang Paninda = Panimulang Imbentaryong + Pinamili – Katapusang Imbentaryo
- ♦ Kabuuang Kita sa Naibenta = Netong Kita – Halaga ng Naibentang Paninda
- ♦ Kabuuang Kita sa Naibenta – Gastusin sa Pagtitinda at Pangangasiwa

Maaari kang magpahinga muna bago magpatuloy sa Aralin 3. Maglakad-lakad o umupo at magrelaks.

# Paghahanda ng Badyet at Pagtatantiya ng Pag-unlad sa Hinaharap

Sa Aralin 1 natutuhan mo kung paano kunin ang tinubo o pagkalugi. Maganda ang takbo ng negosyo kung ito ay kumikita. Ang lagay ng negosyo ay madaling makikita sa balance sheet sa Aralin 2. Ang kasanayan sa matematikang pangkalakal ay kailangang paunlarin ng lahat ng negosyante o empresaryo upang magtagumpay. Ang isa pang kasanayan na kailangan niyang matutuhan ay ang paghahanda at pagsubaybay sa badyet at pagtatantiya ng paglago ng negosyo.

Pagkatapos na mapag-aralan ang araling ito, maaari mo nang maisagawa ang mga sumusunod:

♦ mapaghandaan at masubaybayan ang badyet; at

♦ matantiya ang hinaharap na paglaki ng negosyo.

## Basahin Natin Ito

### Paghahanda at Pagsubaybay sa Badyet

Ang badyet ay isang tiyak na halaga ng pera na inilalagay sa negosyo. Sa kaso ni Pacing, kailangan niyang ikontrol ang perang ginagasta araw-araw. Upang maisagawa ito, kailangang kuwentahin ang halaga ng bawat baso ng halo-halong ipinagbibili. Ginawa niya ang kwentang ito.

Halaga ng bawat isang halo-halo

| | |
|---|---|
| Yelo | ₱ 0.50 |
| Ube | ₱ 1.00 |
| Sago | ₱ 0.50 |
| Matamis na beans | ₱ 1.00 |
| Leche flan | ₱ 1.00 |
| Minatamis na langka | ₱ 1.50 |
| Minatamis na saging | ₱ 1.00 |
| Gelatin | ₱ 0.50 |
| Gatas | ₱ 1.50 |
| Kabuuan | ₱ 9.00 |

Kung plano niya itong ibenta ng ₱10.00 isang baso, magkanong kita ang inaasahan mula sa halaga ng paninda?

*Halaga ng paninda – Halaga ng gastos sa bawat baso = kita*

₱ 10.00 – ₱ 9.00 = ₱ 1.00

Si Pacing ay kikita ng ₱1.00, bawat isang baso. Kung ikaw si Pacing, ang kita bang ito ay tama lang? Kung ang P1.00 ay kulang, magkano ang bentang maimumungkahi mo?

Kung ibebenta nang mas mahal ang halo-halo, siya ay kikita nang mas malaki, kung ibebenta niya ang halo-halo ng ₱13.00 bawat isa, magkano ang kikitain niya?

*Halaga ng paninda – halaga ng gastos sa bawat baso = kita*

₱13.00 – ₱9.00 = ₱14.00

Ang pagkita ba ng ₱4.00 sa bawat isang baso ng halo-halo ay mas maganda kaysa ₱1.00 bawat isa? Oo. Subalit kailangan isaalang-alang ni Pacing ang maraming bagay. Paano kung may nagbenta ng mas murang halo-halo?

Minumumungkahi ko na ibenta ang halo-halo sa parehong presyo. Ang kita na ₱3.00 bawat baso ay mas mabuti kaysa sa pagkawala ng mamimili sa ibang negosyo na pareho ng paninda sa mas mababang halaga!

Si Pacing ay nagdesisyon na itinda ng ₱12.00 bawat baso ang halo-halo. Kung plano niyang magbenta ng isandaang baso sa bawat araw, magkano ang kailangang gastusin para sa paninda bawat araw?

*Halaga ng paninda × 100 = Badyet para sa halaga na paninda*

₱ 9.00 × ₱ 100 = ₱ 900.00

Ibig sabihin nito ay kailangan niyang bumili ng ₱900 halaga ng sangkap ng halo-halo. Magkano ang kikitain niya?

*Kita bawat isa × 100= kabuuang kita*

₱3.00 × ₱100 = ₱300

Si Pacing ay umaasang kikita ng ₱300 bawat araw.

Ang paghahanda ng baduet ay nangangailangan ng maraming bagay. Ang arawang badget ni Pacing ay ₱9.00. Ito ay tama lang para mabawi ang halaga ng panindang ibinebenta. Ngunit dapat alalahanin na sa pahayag ng kita, ang gastusin sa pangangasiwa at iba pang gastusin ay kailangang isaalang-alang. Ito ay dapat idagdag sa halaga ng panindang ibebenta.

Pag-aaralan ang badyet na ginawa ni Pacing para sa araw na ito, at ihambing ito sa kitang nakuha niya.

*Arawang Badget March 31, 2001*

| | | |
|---|---|---|
| Halaga ng panindang nabenta | | ₱ 900.00 |
| Gastusin sa pangangasiwa at iba pang gastos | | ₱ 100.00 |
| | Kabuuan: | ₱1000.00 |
| Ihambing sa: | | |
| Totong benta (₱12.00 × 56 na basong nabenta) | | ₱ 672.00 |
| Ibawas: Totoong halaga ng paninda para sa 56 na baso (₱9.00 × 56) | | ₱ 504.00 |
| Gastusin sa pangangasiwa at iba pang gastos | | ₱ 56.00 |
| | Kita | ₱ 112.00 |

Si Pacing ay hindi nakapagbebenta ng isang daang baso tulad ng inaasahan. Kumita siya, ngunit alalahanin na ang sangkap ng halo-halo ay nasisira makaraan ang ilang araw. Siya ba ay lumampas sa badyet?

Oo. Si Pacing ay naglaan ng mas malaking gastos sa kanyang badyet kaysa sa kanyang maibebenta. Ano ang maimumungkahi mong gagawin niya?

Iminumungkahi ko na subaybayan niya ang kanyang badyet. Ang pagmonitor ng badyet ay paghahambing ng halaga ng panindang naibenta sa kinita at pag-alam sa tubo. Ito ay ginagawa araw-araw upang magawa ang kinakailangang pagbabago sa badyet.

Kung matapos ang isang linggo at nalaman ni Pacing na 50 baso lang ang naibebenta niya araw-araw, ano ang arawang badyet niya?

*Arawang badget March 21, 2001*

| | | |
|---|---|---|
| Halaga ng panindang naibenta | | ₱ 450.00 |
| Gastusin sa Pangangasiwa at iba pang gastos | | ₱ 50.00 |
| | Kabuan | ₱ 500.00 |

Ito ay ipinalalagay:

| | | |
|---|---|---|
| Karaniwang kita araw-araw (₱12 × 50 basong naibenta) | | ₱ 600.00 |
| Ibawas: Aktuwal na halaga ng paninda para sa 50 baso (₱9.00 × 50) | | ₱ 450.00 |
| Gastusin sa pangangasiwa at iba pang gastos (₱1.00 × 50) | | ₱ 50.00 |
| | Kita | ₱100.00 |

Kayang kumita ni Pacing ng ₱100 sa isang araw base sa kanyang bagong badget. Ang pagsasaayos ng gastusin sa halaga ng naibebenta ay nakatutulong sa kanya para maiwasan ang sobrang gastos para sa mga sangkap at mabawasan ang pagkasira. Batay sa mga natutuhan mo sa paggawa at pagsubaybay ng badyet, makaiisip ka ba ng ilang mga patnubay na maaaring sundan? Isulat sa ibaba.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong gawa sa ginawa ko. Basahin ang mga patnubay sa paghahanda ng badyet sa ibaba.

### Patnubay sa Paggawa ng Badyet

1. Ang isang badyet ay dapat ginagawa para sa isang tiyak na panahon. Ito ay maaaring pang-arawan, panlingguhan o pambuwanan?
2. Sa isang badyet, maingat na isinasaalang-alang ang halaga ng panindang naibenta at mga kitang nagawa sa mga bentang ito.
3. Lahat ng mga sanhi na nakaapekto sa negosyo ay dapat isaalang-alang tulad ng presyo ng mga kakumpetensiya, mga nasirang paninda na hindi naibenta at iba pang konsiderasyon. Lahat ng ito ay dapat ipinapakita sa badyet.
4. Ang isang badyet ay ginagawa upang matiyak na hindi mawawalan ng pera ang negosyo. Ang perang inilagay sa negosyo ay dapat kumita. Kung ito ay hindi maabot, dapat magkaroon ng pagbabago sa badyet batay sa kasalukuyang sitwasyon.

Ang badyet ay ginawa para maiwasan ang labis na paggastos. Ito ang sumusubaybay sa pamamagitan ng pagkwenta ng kita at lugi. Ang balance sheet at pahayag ng kita para sa isang panahon ay dapat pahalagahan upang makagawa ng kaukulang pagbabago sa badyet.



## Pag-isipin Natin Ito

Nakita mo na ba ang iyong ina o kahit sinong matandang miyembro ng iyong pamilya na naghahanda ng badyet para sa gastusin sa bahay? Anu-ano ang mga dahilan kung bakit gumagawa ng badyet sa bahay? Ito bang mga dahilan na ito ay pareho sa negosyo?



## Basahin Natin Ito

### Tantiyahin ang Pag-unlad ng Negosyo sa Hinaharap

Ang magaling na empresaryo ay gumagawa ng plano para sa kanyang negosyo. Nakikita rin niya kung ano ang hinaharap ng kanyang negosyo. Para magawa niya ito, kailangang malaman niya kung paano maghanda at umunawa ng isang badyet, pahayag ng kita at balance sheet.

Naaalala mo ba si Pacing sa nakaraang aralin? Kung siya ay kumikita ng ₱25.00 isang araw sa pagtitinda ng halo-halo, magkano ang maaari niyang kitain sa loob ng isang buwan kung magtitinda siya ng halo-halo mula Lunes hanggang Sabado?

> *Arawang kita × Bilang ng araw na nagtinda sa loob ng isang buwan = Buwanang Kita*
>
> ₱25 × 6 araw (Lunes hanggang Sabado) × 4 na linggo (isang buwan) = ₱ 600
>
> Umaasa si Pacing na kikita siya ng ₱600 sa pagtitinda ng halo-halo.

Sa palagay mo, kumikita ba siya ng sapat? Makaaasa ka ba na ang kanyang negosyo ay magpapakita ng magandang paglaki o paglago?

Ang P600 isang buwan ay maaaring hindi sapat upang lumago ang kanyang negosyo.

Kung magdaragdag si Pacing ng ₱200 sa kanyang panimulang imbertaryo na P800, magkano na ang kanyang magiging panimulang imbentaryo? Kung ang iyong sagot ay ₱1,000, ito ay tama. Bakit kinakailangang magdagdag si Pacing sa kanyang panimulang imbertaryo? Sapagkat, mas maraming halo-halo ang kanyang maaaring maibenta na maaaring makapagpalago sa kanyang negosyo.

Alam din niya na kaya niyang makabenta ng 50 baso ng halo-halo sa loob ng isang araw sa halagang ₱12.00 bawat isa. Iyon ay magbibigay sa kanya ng kabuuang kita na ₱600 araw-araw. Kung ibabawas ang halaga ng gastusin na ₱450 (₱9.00 sa bawat halo-halo × 50), si Pacing ay magkakaroon lamang ng ₱100 na tubo sa isang araw. Ang pagdagdag ba ng ₱200 sa kanyang panimulang imbertaryon ay isang mabuting ideya?

Hindi ito mabuting ideya dahil maaari lamang siyang magkaroon ng mas malaking pagkalugi dahil sa dagdag na gamit (sangkap ng halu-halo) na maaring masira.

Ang pagtantiya ng paglago sa hinaharap ng isang negosyo ay depende sa uri ng negosyo at tubong kikitain upang mapalago ang negosyo, ang ilang tubo ay ibinabalik sa negosyo bilang kapital o panimulang imbentaryo. Ito ay sa pag-asang mapalalaki ang benta sa hinaharap, ngunit ito ay hindi laging nangyayari.

Upang matantiya ang paglago ng isang negosyo sa hinaharap, dapat ay maghanda at mag-analisa ng badyet, pahayag ng kita at balance sheet. Isang espesyal na atensiyon ang dapat ibigay sa nakuhang tubo.

Kung ang negosyo ay mayroong magandang kita, inaasahan mo bang lalago ang negosyong ito sa hinaharap? Ang pagkakaroon ng mas malaking kita ay magbibigay ng mas malaking pag-asang lumago ang negosyo. Samantala, ang mas mababang kita o pagkalugi ay hindi indikasyon ng magandang paglago sa negosyo. Ang isang empresaryo ay dapat isaalang-alang ang kanyang kita at pagkalugi upang malaman kung ano ang mangyayari sa hinaharap.



## Subukan Natin Ito

1. Si Josefa ay kumikita ng ₱100 isang araw sa pagtitinda ng *banana cue* sa labas ng paaralan. Magkano ang kanyang kikitain sa isang buwan kung magtitinda siya ng banana cue ng 5 beses sa isang linggo? Ano ang maaari niyang gawin para mapalago niya ang kanyang negosyo?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Pinag-aralan ni Pedring ang kanyang balance sheet. Pinakikita ritong lugi siya ng ₱145 isang araw sa pagtitinda ng tinapay. Ito ba ay senyales ng paglago ng negosyo? Bakit?

   ________________________________________

   ________________________________________

   ________________________________________

3. Si Mang Tibo ay isang barbero. Kumikita siya ng ₱200 isang araw sa kanyang barberya. Magkano ang kanyang kikitain sa isang buwan kung magtatrabaho siya araw-araw?

Ihambing ang iyong mga sagot sa mga sagot na matatagpuan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42. Tama ba ang iyong mga sagot? Alamin kung bakit ang ilan sa iyong mga sagot ay mali at gumawa ng mga kinakailangang pagtatama bago magtuloy.

## Tandaan Natin

- Ang badyet ay isang plano sa negosyo sa isang panahon.
- Ang badyet ay ginagawa upang maiwasan ang lubos na paggastos. Ito ay malimit na sumusubaybay gamit ang pagkwenta ng tubo at pagkalugi. Ang balance sheet at ang pahayag ng kita para sa isang panahon ay kailangang isaalang-alang upang makagawa ng kinakailangang pagbabago sa badyet.
- Upang masubaybayan ang badyet, kailangan ihambing ang halaga ng mga paninda sa benta para malaman kung nagkaroon ng tubo.
- Upang matantiya ang paglago ng negosyo, ang may-ari ay dapat matutong maghanda at sumuri ng badyet, pahayag ng kita, at balance sheet.
- Ang pagtantiya sa paglago ng negosyo sa hinaharap ay nakasalalay sa uri ng negosyo at sa mga tubong kinikita. Para mapalago ang negosyo, ang bahagi ng tubo ay ibinabalik sa negosyo bilang kapital o panimulang imbentaryo.
- Sa pangkalahatan, mas malaking tubo, mas malaki ang pag-asang lumago ang negosyo samantala, ang mas mababang kita o pagkalugi ay indikasyon ng mahinang paglaki ng negosyo.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Binabati kita! Ngayon ay tapos mo nang basahin ang modyul na ito. Ngayon ay nasa iyo na ang mga kinakailangang kaalaman at kasanayan sa pagnenegosyo. Maaari mo nang malutas ang ilang problema sa negosyo at makapaghanda ng mga ulat na tungkol sa negosyo tulad ng balance sheet at pahayag ng kita.

A. Gamitin ang mga sumusunod na impormasyon upang sagutan ang mga katanungan.

| | |
|---|---|
| Imberntaryo ng Kalakal | ₱ 5,500 |
| Utang na Babayaran | ₱ 3,000 |
| Gamit sa Opisina | ₱12,000 |
| Salaping Hawak | ₱ 6,000 |
| Pautang na Matatanggap | P 2,500 |
| Kapital ng May-ari | ₱15,000 |
| Netong Kita | ₱ 6,000 |
| Notes Payable | ₱ 2,000 |

1. Kunin ang kabuuang kasalukuyang ari-arian, pirmihang ari-arian, kabuuang ari-arian, kabuuang obligasyon at ekidad ng may-ari.

2. Maghanda ng balance sheet gamit ang pormat sa pahina 18.

B. Pagtambalin ang hanay *A* sa hanay *B.*

| A | B |
|---|---|
| Ari-arian | perang papel at barya |
| Utang o obligasyon | halimbawa ay gamit |
| Empresaryo | pag-aari ng negosyo |
| Kasalukuyang ari-arian | tinatawag na liquid assets |
| Salaping Hawak | nagpapatakbo ng sariling negosyo |
| Imbentaryong Kalakal | halaga ng hindi pa nabibiling paninda |
| Pirmihang Ari-arian | utang ng negosyo |

C.

Nuong isang taon, ang *Petals Flower Shop* ay nakabenta ng ₱20,000 halaga ng bulaklak. Ang tunay na halaga ng paninda ay ₱2,000. Ang gastos sa pamamalakad at pangangasiwa ay P500 at ang iba pang gastusin ay ₱600.

1. Hanapin ang kabuuang kita at netong kita.

2. Maghanda ng pahayag ng kita batay sa ibinigay na impormasyon.

D. Gamitin ang mga sumusunod na impormasyon upang masagot ang mga kailangan.

| | |
|---|---|
| Benta | ₱ 5,000 |
| Halaga ng napagbentahan | ₱ 2,500 |
| Gastos sa pagtitinda at pangangasiwa | ₱ 600 |
| Utang na Babayaran | ₱ 3,400 |
| Gamit sa tindahan | ₱10,000 |
| Salaping Hawak | ₱ 5,000 |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 7,500 |
| Kapital ng may-ari | ₱11,000 |
| Perang utang | ₱ 1,000 |
| Imbentaryo ng Kalakal | ₱ 600 |

1. Kunin ang kabuuang kasalukuyang ari-arian, kabuuang tiyak na ari-arian, kabuuang ari-arian, kabuuang utang at ekidad ng may-ari.

2. Maghanda ng balance sheet.

3. Maghanda ng pahayag ng kita.

E. Para sa buwan ng Agosto, ang *Carla's Sari-sari Store* ay nakabenta ng ₱16,000 halaga ng grocery. Ang halaga ng nabiling paninda ay ₱12,000. Ang gastos sa pamamalakad, pangangasiwa at sahod ay ₱1,500, kagamitan sa ₱200 at ₱300 sa iba pang gastusin.

1. Hanapin ang kabuuang kita at netong kita para sa buwan ng Agosto.

2. Maghanda ng pahayag na kita batay sa ibinigay na impormasyon.

F. Si Carla ay lugi ng ₱90.00 araw-araw sa kanyang negosyo na rentahan ng *video*. Maipapayo mo bang ipagpatuloy ang negosyo? Kung hindi, bakit? Kung oo, ano ang magagawa niya upang ang negosyo ay lumaki?

______________________________________________________

______________________________________________________


______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawsto* sa pp. 43–45.

Sana ay marami kang natutuhan sa modyul na ito. Binabati kita! Kung nakuha mo na ang mga tamang kasagutan ay pag-aralan ang buod ng modyul sa susunod na pahina.



## Ibuod Natin

Sa modyul na ito ay natutuhan mo kung paano lutasin ang mga suliranin sa matematikang kaugnay sa negosyo at kung paano maghanda ng balance sheet at pahayag ng kita.

Sa Aralin 1, natuto kang magkwenta para sa kinita o pagkalugi.

Sa Aralin 2, natuto kang magsuri at maghanda ng balance sheet at pahayag ng kita.

Sa Aralin 3, natuto kang maghanda at sumusubaybay sa badyet at magtantiya ng paglago ng negosyo.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

1. Kabuuang kita = ₱800

   (Netong kita = Kabuuang Kita – Gastusin)

   = ₱800 – (₱400 + 100 + 150) = ₱800 – ₱650 = ₱150

   Ang pagawaan ay kumikita ng ₱150 isang araw sa netong kita. Ito ay nagpapakita ng magandang negosyo.

2. Benta:

| | | |
|---|---|---|
| Benta: | | ₱2,000 |
| Ibawas: Aktuwal na Halaga ng mga Produktong Naipagbibili | | ₱1,400 |
| Ibawas: Gastusin | | ₱ 750 |
| Halaga ng pagbebenta | ₱250 | |
| Pasahod | 500 | |
| Netong Kita = | –₱150 | |

   Ang negosyo ay nalulugi ng ₱150 isang araw. Hindi ito maganda.

3. Ang balance sheet ay nagbibigay sa may-ari ng pinansiyal na kalagayan o posisyon ng negosyo sa takdang oras. Hinahanda araw-araw ang balance sheet at masasagot nito ang mga sumusunod na katanungan:

   a. Magkano ang pag-aari ng negosyo ko?
   b. Magkano ang utang ng negosyo ko?
   c. Ano ang halaga ng pinansiyal na interes ko sa negosyo?

   Netong kita = Kabuuang Kita – gastusin

   = ₱800 – (₱400 + 100 + 150) = ₱800 – ₱650 = ₱150

4. Ano ang pahayag ng kita?

   Ang pahayag na kita ay ulat na tumutulong sa may-ari ng negosyo upang malaman ang takbo ng kanyang negosyo. Ito ay sumasagot sa mga sumusunod na katanungan:

   a. Ang hangarin ba sa simula ng negosyo ay natupad? Ang negosyo ba ay kumikita?

   b. Ang kita ba ay lumaki o lumiliit?

   c. Ang negosyo ba ay mas malakas makakuha ng pera mula sa tinda o nauubos na ang pera sa pamamalakad at iba pang gastusin?

5. Sarangola Store
Pahayag ng Kita
Petsa: ____________

| | | |
|---|---|---|
| Benta: | | ₱10,000 |
| Ibawas: Halaga ng naipagbiling paninda | | 7,000 |
| Kabuuang Kita sa Pagbebenta | | 3,000 |
| Ibawas: Gastusin sa pamamalakad at pangangasiwa | | 1,800 |
| Pasahod | ₱1,000 | |
| Kagamitan | 200 | |
| Iba pang kagamitan | 600 | |
| Netong Kita | | ₱ 1,200 |

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 6–7)*

1. Kabuuang Kita = bilang ng puto × ₱11.50

   = 60 × ₱11.50 = ₱690.00

   Totoong halaga ng paninda 60 × ₱8.00 = ₱480

   Netong Kita = Kabuuang Kita – Halaga ng Pinamili

   = ₱690 – ₱480 = ₱210

2. Kabuoang kita = dami ng buko pies na naibenta × ₱50

   = 10 × ₱50 = ₱50

   Kita sa bawat isang pie = Presyo ng paninda – Totoong halaga ng paninda

   = ₱50 – ₱40= ₱10

   Ang totoong halaga ng panindang nabenta = 60 × ₱.80 = ₱48

   Netong kita = Kabuuang Kita – Halaga ng Naipagbili

   = ₱90 – ₱48 = ₱42

*Subukan Natin Ito (pahina 8)*

1. | | |
   |---|---|
   | Kabuuang Kita | ₱2,500 |
   | Ibawas: | |
   | Aktuwal na halaga ng naipagbili | 2,200 |
   | Gastos sa pagtitinda | 100 |

   Netong kita = kabuuang kita – (halaga ng naipagbili + gastusin)

   = ₱2,500 – (₱2,200 + ₱100) = ₱2,500 – ₱2,300 = **₱200**

2. **Kabuuang kita** ₱500

| | |
|---|---|
| Ibawas: Gastusin | ₱200 |
| Pasahod | ₱150 |
| Ilaw at Tubig | 50 |
| **Netong Hita** | 40 |

*Subukan Natin Ito (pp. 10–11)*

1. Kabuuang kita (sa benta) ₱5,000

| | |
|---|---|
| Ibawas: | |
| Aktuwal na halaga ng naipagbili | 4,200 |
| Gastusin sa pamamalakad at pangangasiwa | 800 |

Netong kita = Kabuuang Kita – (halaga ng naipagbiling paninda + gastusin)

= ₱5,000 – (4,200 + 800) = ₱5,000 –₱5,000 = ₱0

Ang botika ay nakababawi lang. Hindi ito maganda para sa isang negosyo.

2. Kabuuang Kita ₱700

| | |
|---|---|
| Ibawas: gastusin | |
| Pasahod (P200 × 2) | ₱400 |
| Upa | 200 |
| Tubig | 50 |
| Kuryente | 75 |
| **Netong Kita** | ₱ 25 |

**Netong kita** = Kabuuang Kita – Gastos

= ₱700 – (400 + 200 + 50 + 75) = ₱700 – ₱725 = -₱25

Ang pagawaan ay nalulugi. Hindi maganda ang takbo nito.

3. Kabuuang Kita ₱1,200

| | |
|---|---|
| Ibawas: Gastusin | |
| Aktuwal na Halaga ng Naipagbili | ₱900 |
| Pasahod (₱150 × 2) | 300 |
| Upa | 200 |
| Halaga ng paninda | 50 |
| Netong Kita | - ₱250 |

Netong Kita = kabuoang kita – gastusin

= ₱1,200 – (900 + 300 + 200 + 50) = ₱1,200 – ₱1,450

Netong Kita = - ₱250

Ang tindahan ng bulaklak ay nalulugi ng ₱250 bawat araw. Hindi maganda ang takbo ng negosyo.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 22–23)*

Pacing's Halo-halo Stand
Pahayag ng Kita
Petsa: ___________________________

| | | |
|---|---|---|
| Naipagbili | | ₱7,600 |
| Ibawas: Ibinalik at Tawad | | ₱1,500 |
| Netong Benta | | ₱6,100 |
| Ibawas: | | |
| Simulang Imbentaryo | ₱4,500 | |
| + Pinamili | ₱ 600 | |
| Halaga ng Paninda | ₱5,100 | |
| Huling Imbentaryo | ₱2,000 | |
| Halaga ng napagbenta | ₱3,100 | |
| Kabuuang Kita | | ₱3,000 |
| Ibawas: Gastusin sa pamamalakad at pangangasiwa | | ₱1,500 |
| Netong Kita | | ₱1,500 |

*Subukin Natin Ito (pp. 23–25)*

A. Ang balance sheet ay nagbibigay sa may-ari ng negosyo ng ulat tungkol sa pinansiyal na lagay o posisyon ng negosyo sa takdang petsa. Masasagot ng balance sheet ang mga sumusunod na katanungan:

Ngayon (petsa), ...

a. Magkano ang pag-aari ng negosyo?
b. Magkano ang utang ng negosyo ko?
c. Ano ang halaga ng pinansiyal na interes ko sa negosyo?

B.

Apple’s Sari Sari Store
Bb. Apple Cruz
Balance Sheet
Abril 30, 2001

ARI-ARIAN

| | | |
|---|---|---|
| **Kasalukuyang Ari-arian** | | |
| Salaping Hawak | ₱10,000 | |
| Pautang na Matatanggap | ₱ 500 | |
| Imbentaryong Kalakal | ₱ 5,000 | |
| **Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian** | | ₱15,500 |
| **Pirmihang Ari-arian** | | |
| Gamit sa tindahan | ₱ 6,000 | |
| Gamit sa opisina | ₱ 3,000 | |
| **Kabuuang Pirmihang na Ari-arian** | | ₱ 8,000 |
| **Kabuuang Ari-arian** | | ₱26,000 |

**OBLIGASYON AT EKIDAD NG MAY-ARI**

| | | |
|---|---|---|
| **Kasalukuyang Utang** | | |
| Utang na Babayaran | ₱ 800 | |
| Notes Payable | ₱ 500 | |
| **Kabuuang Utang** | | ₱ 1,100 |
| Ekidad ng May-ari | | |
| Kapital ng May-ari | ₱20,000 | |
| Netong Kita | ₱ 5,400 | |
| Kabuuang Ekidad ng may-ari | ₱25,400 | |
| **Kabuuang Utang** | ₱11,100 | |
| **Kabuuang Utang at equity ng may-ari** | | ₱26,500 |

C. Masasabi na maganda ang takbo ng negosyo. Batay sa balance sheet, ang netong kita ay maganda, ang ari-arian ay malaki, at ang utang ay maliit.

D. Masasagot ng pahayag ng kita ay mga sumusunod na katanungan:

a. Ano ang hangarin ng negosyo, ito ba ay nakikita o natutupad?
b. Kumikita ba ang negosyo?
c. Lumalaki o tumataas ba ang benta?
d. Ang negosyo ba ay kumikita mula sa pagtitinda o nalulugi sa pamamalakad at pangangasiwa.

E. Pahayag ng Kita

X Store
Pahayag ng Kita
Para sa buwan ng ________________

| | | |
|---|---|---|
| Benta | | ₱4,500 |
| Ibawas: return at allowances | | ₱1,000 |
| Netong Kita: | | ₱3,500 |
| Panimulang Imbentaryo | ₱6,500 | |
| Pinamili | ₱ 800 | |
| Panindang mayroon pa | ₱7,300 | |
| Huling Imbentaryo | ₱1,500 | |
| Halaga ng Naipagbili | | ₱5,800 |
| Kabuang Kita sa Naipagbili | | ₱9,300 |
| Gastos sa pangangasiwa | | ₱1,800 |
| Netong Kita | | ₱7,500 |

F. Oo, ang negosyo ay maganda ay ang takbo batay sa pahayag ng kita. Kumita ito ng ₱7,500 sa loob ng isang buwan

## C. Aralin 3

*Subukan Natin Ito (pp. 32–33)*

1. Buwanang kinikita

   ₱100 × 5 (araw sa isang linggo) × 4 (linggo sa isang buwan)
   = ₱2,000

   Upang mapalaki ni Josefa ang kanyang negosyo, kailangang magdagdag ng kapital upang itaas ang bilang ng banana cue na nabibili araw-araw. Maaari niyang itaas ang presyo o ibaba ang halaga ng kanyang paninda.

2. Ang pagkalugi ng ₱145 sa bawat araw ay hindi magandang sinyales ng paglago ng negosyo ni Mang Pedring at mas malaki ang posibilidad na ang negosyo ay tuluyang malugi o bumagsak, sapagkat hindi nababawi ang puhunan.

3. Buwanang kita

   ₱200 × 7 (araw sa isang linggo) × 4 (linggo sa isang buwan)
   = ₱5,6001

## D. Anu-ano ang Natutuhan Mo? *(pp. 34–35)*

A. Ang kabuuang kasalukuyang ari-arian, kabuuang pirmihang ari-arian, kabuuang utang at ekidad ng may-ari.

XYZ Company
____________________ - Proprietor
Balance Sheet
Date: ____________________
ARI-ARIAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kasalukuyang Ari-arian** | | | |
| Salaping Hawak | | ₱ 6,000 | |
| Pautang na Matatanggap | | 2,500 | |
| Imbentaryo ng Kalakal | | 5,500 | |
| **Kabuuang Kasalukuyang Ari-arian** | | ₱14,000 | |
| **Pirmihang Ari-arian** | | | |
| Gamit sa tindahan | ₱12,000 | | |
| **Kabuuang pirmihang na Ari-arian** | | | ₱12,000 |
| **Kabuuang Ari-arian** | | | ₱26,000 |

OBLIGASYON AT EKIDAD NG MAY-ARI

| | | |
|---|---|---|
| **Kasalukuyang utang** | | |
| Utang na Babayaran | ₱ 3,400 | |
| Notes Payable | ₱ 2,000 | |
| **Kabuuang Utang** | | ₱5,400 |
| **Ekidad ng May-ari** | | |
| Kapital ng may-ari | ₱15,000 | |
| Idagdag: Netong Kita | ₱ 6,000 | |
| **Kabuuang Kapital** | ₱21,000 | |
| **Kabuuang utang at ekidad ng may-ari** | | ₱26,000 |

B.

| | |
|---|---|
| Ari-arian | perang papel o mga barya |
| Utang | ang halimbawa ay gamit |
| Empresaryo | pag-aari ng negosyo |
| Kasalukuyang ari-arian | tinatawag ding liquid assets |
| Salaping Hawak | nagpapatakbo ng sariling negosyo |
| Imbentaryo ng Kalakal | halaga ng hindi nabibileng paninda |
| Pirmihang ari-arian | utang ng negosyo |

C.

Petals Flower Shop
Pahayag ng Kita
Petsa: ____________

| | | | |
|---|---|---|---|
| Naipagbili | | ₱20,000 | |
| Ibawas: Halaga ng Naipagbili | | ₱13,000 | |
| Kabuuang Kita sa Benta | | ₱ 7,000 | |
| Ibawas: Gastusin sa Pagtitinda at Pangangasiwa | | | ₱ 3,600 |
| Pasahod | ₱2,500 | | |
| Kagamitan | ₱ 500 | | |
| Iba Pang Gastusin | ₱ 600 | | |
| **Netong Kita** | | ₱ 3,400 | |

D.

XYZ Business
Balance Sheet
Petsa: ____________

| | | |
|---|---|---|
| **Kasalukuyang ari-arian** | | |
| Salaping Hawak | ₱5,000 | |
| Pautang ng Matatanggap | ₱7,500 | |
| Imbentaryo ng Kalakal | ₱6,000 | |
| **Kabuuang kasalukuyang ari-arian** | | ₱18,500 |
| Pirmihang Ari-arian | | |
| Gamit sa tindahan | ₱10,000 | |
| **Kabuuang pirmihang ari-arian** | | ₱10,000 |
| **Kabuuang ari-arian** | | ₱28,500 |
| **OBLIGASYON AT EQUITY NG MAY-ARI** | | |
| **Kabuuang Utang** | | |
| Utang na babayaran | ₱3,400 | |
| Perang inutang | ₱1,000 | |
| **Kabuuang Utang** | | ₱4,400 |
| **Ekidad ng may-ari** | | |
| Kapital ng may ari | ₱11,000 | |
| Idagdag: netong kita | | ₱ 4,000 |
| Kabuuang kapital | | ₱15,000 |
| **Kabuuang Utang** | | ₱ 4,400 |
| **Kabuuang Ekidad ng May-ari** | | ₱10,600 |

E.

Carla's Sari sari Store
Pahayag ng Kita
Date: ______________________

| | | |
|---|---|---|
| Benta | | ₱16,000 |
| Ibawas: halaga ng panindang naipagbili | | ₱12,000 |
| Kabuuang kita sa benta | | ₱ 4,000 |
| Ibawas: gastusin sa pagtitinda at pangangasiwa | | ₱ 2,000 |
| Pasahod | ₱1,500 | |
| Kagamitan | ₱ 200 | |
| Iba pang gastos | ₱ 300 | |
| Netong Kita | | ₱2,000 |

F. Si Carla ay dapat mag-isip nang husto tungkol sa katayuan ng kanyang negosyo. Ang P90.00 ay maliit na halaga ng pagkalugi. Minumungkahi ko na ituloy ang negosyo ng sandali hanggang mabawi ang pagkalugi.

## Mga Sanggunian

*Comptons Encyclopedia* (1995). US: Compton's Learning Company.

*Grolier's Academic Encyclopedia,* (1990). Ney Jersey: Arete Publication Company.

Pagoso, Cristobal (1990), Business *Math.* Manila Phililippines: Rex Book Store.